

Lungsod ng National City – Panukala R

- Sek. 1 Pamagat
- Sek. 2 Mga Natuklasan
- Sek. 3 Layunin
- Sek. 4 Pagpapataw ng Parcel Tax
- Sek. 5 Mga Eksemsyon
- Sek. 6 Mga Hakbang Ukol sa Pananagutan
- Sek. 7 Mga Tungkulin ng Lungsod
- Sek. 8 Pangongolekta ng Buwis
- Sek. 9 Epektibong Petsa
- Sek. 10 Tungkulin ng Konseho ng Lungsod
- Sek. 11 Savings Clause
- Sek. 12 Liberal Construction
- Sek. 13 Salungat na mga Panukala ng Balota
- Sek. 14 Mga Kahulugan

Sek. 1: PAMAGAT.

Panukala sa Pag-aayos ng mga Kalye at Pagpapabuti ng mga Parke ng National City

Sek. 2: MGA NATUKLASAN.

Natuklasan at ipinahahayag ng mga mamamayan ng National City ang mga sumusunod:

- (1) Karapat-dapat ang mga residente ng National City sa ligtas, malinis, at maayos na mga kalsada, bangketa, at parke na maraming taon nang taglay ng ibang komunidad sa County ng San Diego,
- (2) Nahuhuli ang badyet ng National City para sa pag-aayos ng kalsada at pangangalaga ng parke, na nagreresulta sa masamang kondisyon ng kalsada at pagkaantala ng mahahalagang pagpapabuti sa imprastruktura
- (3) Malaki ang pangangailangan para sa mga pagpapabuti sa imprastruktura sa buong National City, kabilang ang mga kalsada, bangketa, ilaw sa kapitbahayan, at mga lumang parke at pasilidad para sa libangan
- (4) Humigit-kumulang 20% ng mga eskinita sa National City ang nananatiling hindi asphaltado, na nagpapababa sa halaga ng ari-arian at nagdudulot ng patuloy na problema tulad ng pagbaha at ilegal na pagtatapon
- (5) Napipilitan ang mga residente na magbayad ng mas mataas na gastos para sa pagkukumpuni ng sasakyan at gas dahil sa kalsadang maraming lubak, at madalas na nagiging sanhi ng pagkayamot,
- (6) Kailangan ng bawat pamilya sa bawat kapitbahayan ng malinis at ligtas na mga parke para sa libangan, kalusugan, at magandang kalidad ng buhay,
- (7) Mahalagang magkaroon ng maaasahang ilaw sa kalsada upang masigurong ligtas ang kapitbahayan, bawasan ang mga aksidente sa sasakyan, at panatilihin ang maayos at kaaya-aya ang ating mga komunidad,
- (8) Upang gawing mas maganda at ligtas ang National City para sa lahat ng ating residente, kailangan nating magpondo para sa pag-aayos ng imprastruktura, pag-aalis ng mga lubak ng kalsada, at pagpapabuti ng mga parke ng lungsod, lalo na sa mga kapitbahayang walang maginhawang daan sa mga bakanteng lugar,
- (9) Panahon na upang i-upgrade ang mga umiiral na parke, magdagdag ng mga modernong bagong playground para sa mga bata, palawakin ang mga serbisyo ng parke para sa sports, kalusugan, at fitness, at magdagdag ng mga bagong parke na matatamasa ng bawat residente ng lungsod
- (10) Nakatuon ang panukalang ito sa agarang pagpapabuti ng mga kalsada ng lungsod, imprastruktura, at parke na magpapabuti sa buhay ng lahat ng ating residente ngayon at sa mga susunod na taon,
- (11) Kasama sa pondo ng panukalang ito ang matitibay na garantiya na ang mga pondo ay direktang mapupunta sa pag-aayos ng mga kalsada at bangketa ng National City, at pagpapabuti ng mga parke ng National City - wala nang iba pa. Direktang pupunta ang mga pondo sa isang lockbox account at hindi magagamit ng mga pulitiko para sa anumang ibang layunin,

(12) Sisiguraduhin ng mga independyenteng pag-o-audit na ang mga pondo ay ginagastos nang responsable at ang isang komite ng mga mamamayan na nagmamasid sa buwis ay mag-uulat ng pandaraya sa politika at pag-aaksaya.

Sek. 3: LAYUNIN.

A. Paggamit ng mga Pongong Nakolekta ng Panukalang ito. Layunin ng kabanatang ito na makalikom ng mga pondong lubhang kailangan sa pamamagitan ng pag-assess ng taunang parcel tax sa mga may-ari ng ari-arian, at gamitin ang mga nalikom na buwis nang eksklusibo upang magbigay ng pondo para sa pag-a-upgrade, pagre-renoate, pagkukumpuni, pag-a-update at/o pagtatayo ng sumusunod na mga proyekto at programa sa parke at libangan, kabilang ang:

- (1) Pag-aayos ng mga lubak, pagkukumpuni ng mga bangketa, pag-aaspalto ng mga kalsada, pagpapabuti ng kaligtasan ng pedestrian at pag-a-upgrade ng mga ilaw sa kalsada sa bawat kapitbahayan ng National City;
 - (2) Pag-aaspalto sa mga hindi pa naaayos na eskinita na patuloy na nagpapahirap sa mga kapitbahayan sa buong National City;
 - (3) Pagpapaganda sa mga parke ng lungsod sa pamamagitan ng mga bagong playground at in-upgrade na mga playground, kaaya-aya at maberdeng tanawin, malinis at masinop na mga pasilidad, at karagdagan ng mga serbisyo sa paglilibang at amenities para sa lahat ng residente, lalo na sa mga senior at mga bata;
 - (4) Pagdaragdag ng mga bagong parke sa lungsod sa mga kapitbahayan na walang sapat na daan sa mga bakanteng lugar, playground, at mga pasilidad para sa libangan;
 - (5) Pag-assess sa mga may-ari ng ari-arian sa National City, na napapailalim sa pag-apruba ng nakararaming boto ng mga botante ng National City, ng taunang parcel tax upang magbigay ng pondo para sa mga nabanggit na layunin;
 - (6) Pagpapanatili sa ordinansa hanggang sa piliin ng mga botante ng National City na tapusin ito; at
 - (7) Pagprotekta sa mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng malakas na mga probisyon sa pananagutan, kabilang ang mga independyenteng pag-o-audit at pangangalaga ng mga mamamayan, upang masiguro na ang mga pondo ay ginagastos nang tama ayon sa layunin.
- B. Proporsyon ng mga pondo sa pagitan ng mga layunin. Tulad ng idinetalye sa Seksyon 7 sa ibaba, magkakaroon ang Lungsod ng karapatang mabawi ang mga gastos nito sa pagkolekta ng mga buwis na tinatawag para sa panukalang ito, pagpapatupad ng panukalang ito, at pamamahala ng panukalang ito. Layunin ng mga tao sa National City na pagkatapos ng pagbabawas ng mga gastos ng lungsod, ang natitirang pondo ay gagastusin sa naturang paraan sa loob ng 60-buwan:
- (1) Ang paggastos sa pag-aayos ng kalsada at bangketa, ilaw sa kalsada at pagpapabuti ng kaligtasan ng pedestrian, at pagpapabuti ng eskinita ay hindi bababa sa 50% ng mga pondong nakolekta ng panukalang ito;
 - (2) Ang paggastos sa pagpapabuti, pangangalaga at pagpapatupad ng mga programa sa umiiral na mga parke, playground, bakanteng lugar at palaruan ng mga bata ay hindi bababa sa 20% ng mga pondong nakolekta ng panukalang ito; at
 - (3) Ang paggastos sa pagtatayo, paggawa at pagpapatupad ng mga programa para sa bagong parke, playground, bakanteng lugar at palaruan ng mga bata ay hindi bababa sa 15% ng mga pondong nakolekta ng panukalang ito; at
 - (4) Pagkaraan ng sampung taon mula sa epektibong petsa ng inisyatibang ito, at bawat sampung taon pagkatapos nito, ang Lungsod, sa pagkonsulta at payo ng Citizen Oversight Committee, ay maaaring magbahagi ng mga porsyento sa pagitan ng mga kategoryang inilarawan sa subseksyon (B)(2)-(3) upang mas mahusay na matugunan ang nagbabagong pangangailangan ng National City at ng mga residente nito.

C. Ang mga Pondo ay Dapat na Suplemental at HINDI Pamalit sa Umiiral na Pondo. Layunin ng mga tao ng National City na ang mga pondong ibinigay ng panukalang ito ay magsilbing suplemento, at hindi pamalit, sa umiiral na pondo ng lungsod para sa pag-aayos ng kalsada at imprastruktura at pangangalaga, pagpapabuti, at pagpapalawak ng mga parke. Natuklasan at idineklara ng mga tao na ang mga kalsada at parke sa National City ay nangangailangan ng karagdagang mga mapagkukunan kaysa sa kasalukuyang ibinigay ng Lungsod.

Sek. 4: PAGPAPATAW NG PARCEL TAX.

Mayroong ipinapataw na buwis sa lahat ng May-ari ng parcel sa National City para sa pribilehiyo ng paggamit ng mga serbisyong munisipal at ang pagkakaroon ng mga serbisyong ito. Ang buwis na ipinapataw ng kabanatang ito ay dapat i-assess sa May-ari, maliban kung ang May-ari ayon sa batas ay may eksemsyon sa pagbubuwis, kung saan, ang buwis na ipinataw ay dapat i-assess sa may hawak ng anumang nagmamay-aring interes sa naturang parcel, maliban kung ang naturang may-ari ayon din sa batas ay may eksemsyon sa pagbubuwis. Ipinataw ang buwis simula Hulyo 1 ng bawat taon sa taong nagmay-ari ng parcel o nagmamay-aring interes sa petsang iyon, maliban kung iba ang nakasaad dito.

A. Batayang Halaga ng Buwis. Ang buwis na ipinapataw dito ay itatakda tulad ng sumusunod, napapailalim sa eksemsyon tulad ng nakasaad sa Seksyon 5, sa ibaba:

- (1) Para sa mga may-ari ng Single-Family Residential Parcel, ang buwis ay magiging \$75.00 bawat parcel taun-taon.
- (2) Para sa mga may-ari ng Multiple Residential Unit Parcel na naglalaman ng dalawa hanggang apat na Residential Unit, ang buwis ay magiging \$150.00 bawat parcel taun-taon.
- (3) Para sa mga may-ari ng Multiple Residential Unit Parcel na naglalaman ng lima hanggang labinlimang Residential Unit, ang buwis ay magiging \$425.00 bawat parcel taun-taon.
- (4) Para sa mga may-ari ng Multiple Residential Unit Parcel na naglalaman ng labing-anim o higit pang Residential Unit, ang buwis ay magiging \$500.00 bawat parcel taun-taon.
- (5) Para sa mga may-ari ng Unimproved Residential Parcel, ang buwis ay magiging \$1,000.00 bawat parcel taun-taon.
- (6) Para sa mga may-ari ng Mobile Home Unit Parcel, ang buwis ay magiging \$52.00 bawat parcel.
- (7) Para sa mga may-ari ng Condominium Unit Parcel, ang buwis ay magiging \$99.00 bawat parcel.
- (8) Para sa mga may-ari ng Commercial Parcel, ang buwis ay magiging \$365.00 bawat parcel taun-taon.
- (9) Para sa mga may-ari ng Unimproved Commercial Parcel, ang buwis ay magiging \$1,000.00 bawat parcel taun-taon.
- (10) Para sa mga may-ari ng Industrial Parcel, ang buwis ay magiging \$365.00 bawat parcel taun-taon.
- (11) Para sa mga may-ari ng Agricultural Parcel, ang buwis ay magiging \$52.00 bawat parcel taun-taon.
- (12) Para sa Miscellaneous Parcel, ang buwis ay magiging \$150.00 bawat parcel taun-taon.

Sek. 5: MGA EKSEMPSYON.

A. Mga Private, Parochial, at/o Special School. Ang mga Private School, Parochial School at Special School ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin ng May-ari at isusumite sa Lungsod sa tamang oras ang Private, Parochial, at/o Special School Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

B. Mga Senior Citizen. Ang mga Senior Citizen ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung sila ay may-ari at naninirahan sa isang single-family residence o condominium unit at kukumpletohin at isusumite sa Lungsod sa tamang oras ang Senior Citizen Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

C. Mga Proyekto ng Abot-kayang Pabahay. Ang mga Proyekto ng Abot-kayang Pabahay ay may eksemsyon mula sa 50 porsyento (50%) ng mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin at isusumite ng mga May-ari nito sa Lungsod sa tamang oras ang Affordable Housing Project Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod. Ang eksemsyon ay ilalapat sa parehong proporsyon kung paano ang Affordable Housing Project ay may eksemsyon mula sa ad valorem property tax.

D. Mga Religious Institution Parcel. Ang mga Religious Institution Parcel ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin at isusumite ng mga May-ari nito sa Lungsod sa tamang oras ang Religious Institution Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

E. Mga Governmental Parcel. Ang mga Governmental Parcel ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin at isusumite ng mga May-ari nito sa Lungsod sa tamang oras ang isang Governmental Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

F. Mga Karaniwang Lugar. Ang mga Karaniwang Lugar ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin at isusumite ng mga May-ari nito sa Lungsod sa tamang oras ang Common Area Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

G. Ang mga Non-profit service organization na nagbibigay ng serbisyo sa mga karaniwang hindi gaanong naseserbisuhan na mga miyembro ng komunidad ay may eksemsyon sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kung kukumpletohin at isusumite nila sa Lungsod sa tamang oras ang Parcel Tax Exemption Claim form, kasama ang kinakailangang dokumentasyon, na bubuuin at ibinigay ng Lungsod.

Sek. 6: MGA HAKBANG UKOL SA PANANAGUTAN.

A. CITIZEN OVERSIGHT COMMITTEE.

Magtatalaga ang Konseho ng Lungsod ng tagapayong citizen oversight committee na may limang (5) miyembro.

Susuriin ng Oversight Committee ang mga gastusin na pinondohan ng buwis upang matiyak na ang mga pondo ay ginagamit lamang para sa mga layuning aprubado ng mga botante. Binubuo ang Committee ng mga residente ng National City na nagbabayad ng buwis na ito at hindi mga empleyado o ibinotong opisyal ng Lungsod o mga miyembro ng iba pang City Committee o Board.

Mag-uulat ang Oversight Committee taon-taon sa Konseho ng Lungsod kung paano nagastos ang mga pondo mula sa parcel tax. Magiging bukas sa publiko ang mga pulong at rekord ng Oversight Committee alinsunod sa Ralph M. Brown Act, California Government Code seksyon 54950 at mga sumunod, at sa California Public Records Act, California Government Code seksyon 6250 at mga sumunod.

Magbibigay ang Tagapamahala ng Lungsod ng administratibong suporta sa Oversight Committee at magbibigay ng ulat ng kalagayan tuwing ikatlong buwan sa Komite tungkol sa mga proyektong pinondohan ng mga nalikom na parcel tax. Maaaring gamitin ang mga nalikom mula sa parcel tax upang bayaran ang mga gastos na nauugnay sa pagbibigay ng suporta sa Oversight Committee.

B. INDEPENDYENTENG TAUNANG PAGSUSURI.

Ang Treasurer ng Lungsod ay maghahanda ng taunang ulat na hindi lalampas ng Enero 1 ng bawat taon, na nagsasaad ng halaga ng mga pondong nakolekta at nagastos, at ang kalagayan ng anumang proyektong programa na kinakailangan o pinahihintulatang pondohan ng mga nalikom na parcel tax na ito. Ang taunang ulat ay isusumite sa Konseho ng Lungsod, ilalagay sa website ng Lungsod, at ibinigay sa Oversight Committee. Maaaring gamitin ang mga nalikom mula sa parcel tax upang bayaran ang taunang ulat na ito.

C. TAUNANG PAG-AUDIT.

Ang Treasurer ng Lungsod ay magpapa-audit ng independyenteng pagsusuri na isasagawa taon-taon sa paggastos ng nalikom na buwis na ipinapataw ng kabanatang ito.

D. ESPESYAL NA ACCOUNT.

Ideposito ng Lungsod ang lahat ng pondong nakolekta mula sa mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito sa isang espesyal na account at ilalaan at gagastusin lamang ang mga pondong iyon para sa mga tiyak na layunin na pinahihintulutan ng kabanatang ito.

Sek. 7: MGA TUNGKULIN NG LUNGSOD.

A. Tungkulin ng Lungsod na pangasiwaan ang koleksyon at pagtanggap ng lahat ng buwis na ipinapataw ng kabanatang ito. Ang Lungsod ang responsable sa pangangasiwa at pagpapatupad ng kabanatang ito, at dapat gumawa ng mga form at iba pang materyal na kinakailangan upang pangasiwaan ang kabanatang ito at maaaring magpatibay ng mga patakaran at regulasyon na may kinalaman sa naturang pangangasiwa at pagpapatupad. Maaaring gamitin ang mga nalikom mula sa parcel tax upang bayaran ang mga gastos ng Lungsod sa koleksyon, pagtanggap, pangangasiwa at pagpapatupad ng mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito, pati na rin ang mga gastos ng Lungsod sa pangangasiwa at pagsasakatuparan ng mga layunin ng kabanatang ito, kabilang ngunit hindi limitado sa pangangasiwa ng mga tiyak na proyekto ng konstruksyon at pangangalaga na itinakda sa ilalim ng kabanatang ito.

B. Tinitiyak ng Lungsod na ang mga buwis na nakolekta sa ilalim ng kabanatang ito ay magagastos ayon sa itinakda ng kabanatang ito.

C. Maaaring awtorisahan ng Lungsod ang San Diego County na kolektahin ang mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito kasama ng at sa parehong oras at paraan ng koleksyon ng County ng mga property tax para sa Lungsod. Kung pipiliin ng Lungsod na awtorisahan ang San Diego County na kolektahin ang buwis, ang mga multa at interes ay magiging nalalapat sa hindi pagbabayad ng property tax. Maaaring gamitin ang mga nalikom mula sa parcel tax upang bayaran ang anumang mga singil na n-assess ng San Diego County para sa koleksyon ng mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito.

D. Ang Lungsod, o ang itinalaga nito, ay awtorisadong suriin ang mga assessment roll, mga rekord ng property tax, at mga rekord ng San Diego County at ng National City na itinuturing na kinakailangan upang matukoy ang pagmamay-ari ng mga Parcel at pagkalkula ng mga buwis na ipinapataw ng kabanatang ito.

E. Ang Lungsod, o ang itinalaga nito, ay awtorisado na suriin ang mga talaan, papel, at rekord ng sinumang tao na napapailalim sa buwis na ipinapataw ng kabanatang ito para sa layunin ng pag-verify ng katumpakan ng anumang petisyon, paghahabol o pagsasauli na isinumite at upang matukoy ang buwis na dapat bayaran. Ang Lungsod, o ang itinalaga nito, ay awtorisado na suriin ang sinumang tao, maging bilang mga partido o saksi, sa ilalim ng panunumpa, para sa layunin ng pag-verify ng katumpakan ng anumang petisyon, paghahabol o pagsasauli na isinumite o upang matukoy ang buwis na dapat bayaran sa ilalim ng kabanatang ito, sa tuwing pinaniniwalaan nito na ang mga taong iyon ay may kaalaman tungkol sa mga usaping iyon, at para sa layuning ito ay maaaring pilitin ang pagpapakita ng mga libro, papel, at rekord. Ang pagtanggap sa naturang pagsusuri ng sinumang tao na napapailalim sa buwis sa pagsusuri ay ituturing na paglabag sa kabanatang ito at sa code na ito, at napapailalim sa anumang lahat ng remedyo na tinukoy dito.

Sek. 8: PANGONGOLEKTA NG BUWIS.

A. Ang buwis na ipinapataw at ipinapatupad ng kabanatang ito ay dapat bayaran at babayaran sa taon ng kalendaryo na kasunod ng taon kung kailan ipinapataw ang buwis. Sa ganitong paraan, ang unang bayad ng buwis na ito ay magsisimula sa piskal na taon kasunod ng sertipikasyon ng ordinansa tulad ng tinukoy ng seksyon 9217 ng California Code of Elections. Ang bayad para sa bawat taon ay maaaring bayaran sa dalawang installment na dapat bayaran kasabay ng pangongolekta ng County ng San Diego sa mga installment ng mga nagbabayad ng buwis para sa valorem property tax.

B. Ang buwis ay magiging delinkuente kung hindi ito matatanggap ng Lungsod sa o bago ang petsa ng pagkadelinkuente na itinakda sa abisong ipinadala sa address ng May-ari ayon sa pinakabagong assessment roll ng San Diego County Auditor-Controller-Treasurer-Tax Collector, at ang buwis ay kokolektahin sa paraang itinakda ng Lungsod. Maaaring ilagay ng Lungsod ang mga delinkuente sa susunod na tax bill.

C. Ang mga penalty na ipinapataw para sa pagkabigong magbayad ng buwis na ito ay magiging pareho, kapwa sa halaga at paraan ng koleksyon,

na may mga parusa na ipinatutupad para sa lahat ng katulad na buwis ayon sa itinakda ng Lungsod.

D. Ang halaga ng anumang buwis, penalty, at interes na ipinapataw sa ilalim ng mga probisyon ng kabanatang ito ay ituturing na utang sa Lungsod. Ang sinumang taong may pagkakautang na pera sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat managot sa aksyong inihatid sa ngalan ng Lungsod para sa pagbawi ng naturang halaga.

E. Kapag ang halaga ng anumang buwis, penalty, o interes na ipinapataw ng kabanatang ito ay nabayaran nang higit sa isang beses, o naipon o natanggap ng Lungsod nang mali o ilegal, maaaring ibalik ang halaga kung may na-verify na claim sa pamamagitan ng sulat, na nagsasaad ng tiyak na dahilan kung saan nakabatay ang paghahabol, na isusumite sa Lungsod sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagbabayad.

Ang claim ay dapat isumite ng taong nagbayad ng buwis o ng tagapangalaga, conservator, o executor ng kanyang estado. Walang claim na maaaring isumite para sa ibang mga nagbabayad ng buwis o isang klase ng mga nagbabayad ng buwis. Ang mga claim ay dapat nasa mga form at ayon sa pamamaraan at oras na itinakda ng mga pamamaraan na itinatag ng Lungsod, at susuriin ng Tagapamahala ng Lungsod.

Kung ang claim ay maaprubahan ng Tagapamahala ng Lungsod, ang sobrang halagang nakolekta o nabayaran ay maaaring ibalik o maaaring i-credit laban sa anumang halaga na dapat bayaran mula sa Tao kung kanino ito nakolekta o binayaran, at ang balanse ay maaaring ibalik sa Taong iyon, sa kanyang mga administrador o executor. Ang pagsusumite ng claim ay magiging kondisyon bago magsampa ng legal na aksyon laban sa Lungsod para sa refund ng buwis.

Sek. 9: EPEKTIBONG PETA.

Ayon sa California Elections Code seksyon 9217, pagkatapos ng pagkumpleto ng canvass ng Klerk ng Lungsod at sertipikasyon ng mga resulta ng botohan sa Konseho ng Lungsod na nagpapakita na ang nakararami ng mga botante ng National City ay bumoto pabor sa kabanatang ito, ang kabanatang ito ay ituturing na naipasa sa pagdeklara ng Konseho ng Lungsod ng mga resulta ng botohan, at magiging epektibo 10 araw pagkatapos nito.

Sek. 10: TUNGKULIN NG KONSEHO NG LUNGSOD.

A. Ang Konseho ng Lungsod ay awtorisadong magbigay ng mga regulasyon na ituturing nitong kinakailangan upang maipatupad ang mga probisyon ng kabanatang ito, hangga't ang mga ito ay naaayon sa layunin ng kabanatang ito.

B. Ang mga rate ng buwis ay hindi maaaring tumaas sa pamamagitan ng aksyon ng Konseho ng Lungsod nang walang pag-apruba ng mga botante, ngunit maaaring gumawa ang Konseho ng Lungsod ng anumang iba pang pagbabago sa kabanatang ito na naaayon sa layunin nito tulad ng tinukoy sa seksyon 3.

Sek. 11: SAVINGS CLAUSE.

Kung may anumang probisyon, pangungusap, sugnay, seksyon o bahagi ng kabanatang ito na matutuklasang labag sa konstitusyon, ilegal o hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang nasabing labag sa konstitusyon, ilegalidad, o hindi pagkakawasto ay makakaapekto lamang sa nasabing probisyon, pangungusap, sugnay, seksyon o bahagi ng kabanatang ito at hindi makakaapekto o magpapakita sa anumang natitirang mga probisyon, pangungusap, sugnay, seksyon o bahagi ng kabanatang ito. Ipinahayag dito na tatanggapin pa rin ng mga botante ang kabanatang ito kung ang nasabing labag sa konstitusyon, ilegal o hindi wastong probisyon, pangungusap, sugnay, seksyon o bahagi ay hindi isinama dito.

Kung ang anumang buwis na ipinapataw ng kabanatang ito ay matutuklasang labag sa konstitusyon, ilegal o hindi wasto ng isang korte ng karampatang hurisdiksiyon, ang mga halaga, serbisyo, programa at tauhan na kinakailangang pondohan mula sa nasabing buwis ay babawasan nang proporsiyonal sa anumang kita na nawala dahil sa nasabing labag sa konstitusyon, ilegal o hindi pagkakawasto

Sek. 12: LIBERAL CONSTRUCTION.

Ang mga probisyon ng kabanatang ito ay dapat bigyang-kahulugan sa malawak na paraan upang makamit ang mga layunin nito.

Sek. 13: MAGKASALUNGAT NA MGA PANUKALA SA BALOTA.

Sa kaso na ang kabanatang ito at isa pang panukala o mga panukala na may kaugnayan sa parehong paksa ay lilitaw sa parehong balota sa buong Lungsod, ang mga probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay ituturing na nagkakaroon ng salungatan sa kabanatang ito. Sa kaso na ang kabanatang ito ay makakuha ng mas mataas na bilang ng mga positibong boto kaysa sa ibang panukala o mga panukala, ang mga probisyon ng kabanatang ito ay mananaig sa mga nagkakasalungat na probisyon ng anumang iba pang panukala, at ang mga magkasalungat na probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay magiging walang bisa.

Sek. 14: MGA KAHULUGAN.

Ang "Affordable Housing Project" ay nangangahulugang proyekto para sa napakababa, mababa, o katamtamang kita na pabahay ayon sa California Health and Safety Code seksyon 33334.2 na pag-aari at pinapatakbo ng isang nonprofit na organisasyon na kinikilala ng United States Internal Revenue Service at ng State of California Franchise Tax Board, o iba pang may eksemsyon mula sa buwis ayon sa California Revenue and Taxation Code seksyon 214, at nasasakupan ng mga pagbabawal sa muling pagbebenta at/o isang kasunduan sa regulasyon sa pagrenta na aprubado ng Lungsod.

Ang "Agricultural Parcel" ay nangangahulugang parcel o lote na pangunahing ginagamit para sa mga layuning pang-agrikultura.

Ang "Commercial Parcel" ay nangangahulugang parcel o lote na ginagamit para sa komersyal, sa halip na residensiyal o iba pang layunin.

Ang "Unimproved Commercial Parcel" ay nangangahulugang parcel o lote na nakalaan para sa komersyal, sa halip na residensiyal o iba pang layunin, ngunit hindi pa na-improve. Para sa layuning ito, ang improve ay nangangahulugang legal na okupado o itinayo para sa layuning dagdagan ang halaga.

Ang "Karaniwang Lugar" ay nangangahulugang lugar ng lupa na magagamit ng isang grupo ng mga tao at kanilang mga bisita, tulad ng mga nangungupahan sa isang apartment complex, may-ari sa isang condominium complex, o may-ari sa isang gated community. Kasama sa mga halimbawa ng karaniwang lugar ang mga lobby, corridor, hagdan, elevator, parking lot, driveway, laundry room, swimming pool, at tennis court.

Ang "Pamilya" ay nangangahulugang isa o higit pang mga tao na may ugnayan sa dugo, kasal, domestic partnership, o pag-aampon, at lahat ng hindi kaugnay na mga tao na naninirahan sa iisang residential unit at nagpapanatili ng isang karaniwang sambayanan.

Ang "Governmental Parcel" ay nangangahulugang parcel na pag-aari ng Pederal, Estado, Lokal, o iba pang ahensya ng gobyerno.

Ang "Industrial Parcel" ay nangangahulugang parcel na ginagamit para sa industriyal, sa halip na residensiyal o iba pang layunin.

Ang "Mobile Home Parcel" ay nangangahulugang parcel na nakalaan para sa paggamit ng isang mobile home o mga mobile home tulad ng tinukoy sa seksyon 798.3 ng California Civil Code.

Ang "Miscellaneous Parcel" ay nangangahulugang parcel sa ibang paraan na hindi tinukoy dito.

Ang "Multiple Residential Unit Parcel" ay nangangahulugang parcel na naka-zone para sa isang Gusali, o mga bahagi nito, na naglalaman o inasahang magkakaroon ng dalawa o higit pang residential unit.

Ang "Non-Residential" ay nangangahulugang lahat ng parcel na hindi nakategorya ng kabanatang ito bilang Residential Parcel, at kasama, ngunit hindi limitado sa, mga parcel para sa industriyal, komersyal at institusyonal na mga improvement kung ito ay kasalukuyang pinapaunlad o hindi.

Ang "May-ari" ay nangangahulugang ang Tao na may titulo sa real estate ayon sa pinakabagong opisyal na assessment roll ng San Diego County Auditor-Controller-Treasurer-Tax Collector.

Ang "Parcel" ay nangangahulugang isang unit ng real estate sa National City ayon sa pinakabagong opisyal na assessment roll ng San Diego County Auditor-Controller-Treasurer-Tax Collector.

Ang "Parochial School" ay nangangahulugang isang paaralan na hindi pampubliko at pag-aari ng isa o higit pang relihiyosong institusyon.

Ang "Tao" ay nangangahulugang isang indibidwal, firm, partnership, joint venture, asosasyon, social club, fraternal organization, joint stock company, korporasyon, estate, trust, business trust, receiver, trustee, syndicate, o anumang iba pang grupo o kombinasyon na kumikilos bilang isang yunit.

Ang "Possessory Interest" ay nangangahulugang pagmamay-ari, claim sa, o karapatan sa pagmamay-ari ng, lupa o mga improvement at kasama ang anumang eksklusibong karapatan sa paggamit ng nasabing lupa o mga pagpapabuti.

Ang "Private School" ay nangangahulugang isang paaralan na hindi pampubliko, parokyal o espesyal na paaralan at pag-aari ng isa o higit pang mga pribadong may-ari.

Ang "Religious Institution Parcel" ay nangangahulugang parcel na pag-aari ng isang relihiyosong institusyon tulad ng simbahan, sinagoga, templo, o mosque.

Ang "Residential Unit" ay nangangahulugang isang Gusali o bahagi ng Gusali na dinisenyo para sa o eksklusibong inookupahan ng isang Pamilya.

Ang "Unimproved Residential Parcel" ay nangangahulugang parcel na nakalaan para sa residensyal sa halip na komersyal o iba pang layunin, ngunit hindi pa na-improve. Para sa layuning ito, ang improve ay nangangahulugang legal na okupado o itinayo para sa layuning dagdagan ang halaga.

Ang "Senior Citizen" ay nangangahulugang isang indibidwal na taong may edad na 65 o higit pa sa Ika-1 ng Enero ng taon kung saan ilalapat ang eksemsyon sa senior citizen.

Ang "Single Family Residential Parcel" ay nangangahulugang parcel na naka-zone para sa mga single family residence, kahit na hindi pa nade-develop.

Ang "Special School" ay nangangahulugang isang paaralan na hindi pampubliko o pribadong paaralan at pangunahing nagsisilbi sa mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan.